SMC INFRASTRUCTURE

AUTO sweep RFID

PAANO KUMUHA NG AUTOSWEEP RFID

1. Magpunta sa alinmang Autosweep RFID Station at punan ang subscription form ng mga kailangang impormasyon at ipasa kasama ng mga sumusunod na dokumento:

A.) OR/CR ng sasakyan (sales invoice kung bago ang sasakyan at may conduction sticker pa lamang)

B.) Driver's license o kahit anong valid ID

C.) Authorization letter at valid ID na may pirma ng naka-rehistrong may-ari (kung ikaw ay naga-apply para sa ibang tao)

D.) Kopya ng Deed of Sale (kung hindi ikaw ang rehistradong may-ari ng sasakyan)

2. Bayaran ang minimum load requirement na Php 200. Maaari kang mag load ng higit pang halaga kung nais.

3. Matapos mag load, maari ng ikabit ng Autosweep Representative ang sticker sa inyong sasakyan.

4. Maari ninyong magamit ang inyong Autosweep RFID sticker sa ETC Lanes ng kahit saang San Miguel Toll Road gaya ng Skyway, SLEX, NAIAX, STAR, at TPLEX. Maari ding magamit ang Autosweep RFID sticker sa MCX.

5. Dahil Premium account ang inyong kinuha, maari kang mag apply ng iba pang sasakyan at isama sa iyong existing account ang mga susunod mo pang mga sasakyan na nais mong pakabitan ng RFID. Ang balance ng inyong account ay maaring gamitin ng mga sasakyan na naka enroll sa parehong account.

6. Ang mga Autosweep RFID Premium account ay maaring ding mag enroll ng Auto-Debit Arrangement (ADA) kung nais mong mag load gamit ang inyong credit card. Mag fill-up lang ng ADA form at isubmit ito sa kahit saan Autosweep RFID station. Mag antay lamang ng 24 hours para sa activation ng inyong credit card enrollment.

Kung kulang sa dokumento ngunit nag nanais na gumamit ng ETC upang bumilis ang inyong pag biyahe, maari kayong kumuha ng Autosweep To-Go kit. Upang makakuha nito, gawin lamang ang sumusunod:

1. Magpunta sa alin mang Autosweep RFID Stations or sa mga designated na toll gates at lapitan lamang ang aming mga Autosweep RFID Representatives upang kumuha ng Autosweep RFID sticker.

2. Ibigay ang piling information gaya ng inyong pangalan, mobile number, at ang inyong email. Kailangan ang impormasyong ito upang makapag check kayo ng inyong account balance at ng inyong statement of account.

3. Bayaran ang minimum load requirement na Php 200. Maaari kang mag load ng higit pang halaga kung nais.

4. Matapos mag load, maari ng ikabit ng Autosweep Representative ang RFID sticker sa inyong sasakyan.

5. Maari ninyong magamit ang inyong Autosweep RFID sticker sa kahit saang San Miguel Toll Road gaya ng Skyway, SLEX, NAIAX, STAR, at TPLEX. Maari ding magamit ang Autosweep RFID sticker sa MCX.

KUNG KAYO AY NABIBILANG SA GRUPO NA MAY MARAMING MIYEMBRO, MAAARING MAG SET-UP NG ENROLLMENT AT INSTALLATION SA INYONG OPISINA. MANGYARI LAMANG NA MAKIPAG UGNAYAN SA OPISINA NG AUTOSWEEP SA

MAG DAPAT TANDAAN SA TAMANG PAG-GAMIT

- Ang Autosweep account ay kailangan na laging may P100 sa kanyang account (maintaining balance).
- Kapag bumaba sa maintaining balance ang account, magiging invalid ang account at hindi na maaring makaraan pa sa ETC lane ang motorista.
- Ang Autosweep subscriber na may mag invalid account sa ETC lane ay sisingilan ng cash batay sa pinakamalyong toll gate. Ang Autosweep card na hawak ni motorista ay maaring ding makumpiska kapag napatunayan na walang sapat na balance ang account o di naman kaya ay may utang ang account.
- Upang maiwasan ito, ugaliing mag check ng balance ng account bago bumiyahe at siguraduhing magkapag load ng account.
- Siguraduhin laging updated ang inyong contact details upang makatanggap ng mahahalagang notices mula sa Autosweep gaya ng statement of account at official receipt.

SMC INFRASTRUCTURE

AUTO sweep RFID

PAANO AT SAAN MAARING MAG LOAD

Dalhin ang inyong RFID card upang maging gabay tuwing mag lo-load ng account sa alinmang Autosweep Reloading Partners.

A.) Kung ang iyong Autosweep account ay Premium account, gamitin lamang na nakasulat na plate number sa likod ng inyong RFID card kapag kayo ay mag lo-load sa aming merchant partner.

B.) Kung ang iyong Autosweep ay Autosweep To-Go, gamitin and card number na nakasulat sa likod ng inyong RFID bilang plate number kakapag kayo ay mag loload ng inyong account.

C.) Mag load sa alimang Autosweep stations at reloading partners gaya ng:

1. RFID Stations:

• Skyway Office, SLEX Silangan, Filinvest Toll Plaza (SB), Southwoods Toll Plaza (NB&SB), Carmona Toll Plaza (NB), Sta.Rosa Toll Plaza (NB&SB), Ayala Greenfield Toll Plaza, Petron Commerce Avenue, STAR Toll Lipa CSC, TPLEX Main Office, Petron Malvar KM75 (SB), Petron Lipa KM79 (NB), Petron San Pedro (SB), Petron Dasmarinas (Makati), Petron Diego Silang (C5 NB), Petron Evia, Petron Mia, Petron Valle Verde, Petron Pura (TPLEX NB&SB), Shell Magallanes, Shell Putatan (NB), Shell Mamplasan, Susana Heights, Cabuyao Southbound

2.Autosweep Reloading Partners:

• Petron Gas Station, Treats, Bank of Commerce, SM Business Services, SM Billspay, SM Hypermarket, Savemore, Waltermart, EcPay, 7Eleven, DA5, Touchpay, Robinsons Department Store, Robinsons Supermarket, FamilyMart, Chinabank, UnionBank, Eon, Coins.ph, Expresspay, Sharetreats, Gcash, Justpay.to, Rustans, LBC, Shopwise, Maybank

D.) Sa bawat load ninyo, kayo ang mabibigyan ng karampatang OR. Kung kayo ay nag load sa aming mga reloading partners, matatanggap ang kopya ng inyong OR sa inyong email.

MAG CHECK NG BALANSE NG INYONG RFID ACCOUNT

Alamin at pumili ng pamamaraan upang mag check ng balanse inyong account:

A.) SMS Balance Inquiry

• Para sa Premium Account - Mag text ng AUTOSWEEP<BALINQ> <PLATENUMBER> at i-send sa
0917-860-8655 (Globe) or
0918-860-8655 (Smart)
Halimbawa: AUTOSWEEP BALINQ ABC123

• Para sa Autosweep To-Go - Mag text ng AUTOSWEEP<BALINQ><CARDNUMBER> at i-send sa
0917-860-8655 (Globe) or
0918-860-8655 (Smart).
Example: AUTOSWEEP BALINQ Roooooı

B.) Mag download ng Autosweep RFID Balance Inquiry App at mag register ng account:

•Piliin ang REGISTER at I-type ang inyong account number, plate number, email address, at buong pangalan at i-click ang register.

• Puntahan ang email na ginamit at hanapin dito ang temproray password na ipinadala ng system.

• I-click ang link na kasama nito upang makabalik sa Balance Inquiry App upang muling log-in.

• I-type muli ang registered email at ang temporary password na natanggap mo.

• Maari ka ng mag check ng balance mo kahit anong oras mo gusto.

• Gamitin lamang ang registered email at password mo.

• Ugaliing mag log-out matapos ang inquiry

C.) Website- www.autosweeprfid.com

Kung hindi ka pa nakapag register, ulitin ang steps na nasa itaas. Kung nakapag register ka na, maari mo ng gawin ang mga sumusunod:

• Ipasok ang email address at password para mag-login.

• Piliin ang mag nais na malaman tungkol sa account.account.

D.) Tumawag sa Autosweep Hotline- (02) 5318-8655

E.) Mag email ng iyong mga tanong at iba pang concern sa customercare@autosweeprfid.com

www.autosweeprfid.com